# PROGRAMANG MGA GAWAD NI JAMES CARY SMITH SA KOMUNIDAD

Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area)

## Mga Pamamaraan at Panuntunan

Ika-15 ng Abril, 2019

# Talaan ng mga Nilalaman

**SEKSIYON I – PANGKALAHATANG IMPORMASYON ........ 3**

**SEKSIYON II – MGA LAYUNIN ........ 5**

**SEKSIYON III – MGA KINAKAILANGAN AT PAMAMARAAN SA APLIKASYON ........ 5**

**SEKSIYON IV – PAMANTAYAN NG PAGSUSURI AT PAGBIBIGAY NG PUNTOS ........ 7**

**SEKSIYON V – PAGKATAPOS NA MATANGGAP ANG GAWAD ........ 8**

**APENDISE A - Cover Sheet ng Programang Mga Gawad ni James Cary Smith sa Komunidad ........ 10**

**APENDISE B - AB 617 High Cumulative Exposure Burden Areas ng Rehiyon ng Bay Area ........ 11**

# Programang Mga Gawad ni James Cary Smith sa Komunidad: Edukasyon at Pakikibahagi
# MGA PAMAMARAAN AT PANUNTUNAN

## SEKSIYON I – PANGKALAHATANG IMPORMASYON

### Buod ng Programa

Nag-aalok ang Bay Area Air Quality Management District ("Air District") ng mga gawad sa mga kaakibat na hindi pangkalakal at mga organisasyong nakabatay sa komunidad upang suportahan at itaguyod ang mga solusyong nakabatay sa komunidad na tumutugon sa problemang pagpaparumi sa hangin habang tumutulong din sa pagbawas ng ating epekto sa pandaigdig na klima. Mayroong handang pagpopondo ng mga gawad upang suportahan ang edukasyon tungkol sa kalidad ng hangin at mga pagsisikap sa pakikibahagi. Popondohan ng mga gawad na ito ang mga gawaing hindi panteknikal gaya ng mga edukasyonal na kampanya sa aktibong transportasyon, mga proyekto sa pagtatanim sa lungsod, at mga proyekto sa pakikibahagi ng komunidad para sa hustisyang pangkapaligiran.

Ang pinakamalaking gawad na ipinagkakaloob ay $25,000 kada proyekto, at dapat makompleto ang lahat ng mga proyekto nang hindi lalampas sa ika-31 ng Disyembre, 2020. Magsisilbi ang mga gawad na ito bilang panghikayat para sa sama-samang pagtutulungan sa pagitan ng Air District at mga organisasyong nakabatay sa komunidad para sa pagpapababa ng problemang pagpaparumi sa hangin. Gagawing priyoridad para sa pagpondo ang mga organisasyong nakabatay sa komunidad na matatagpuan sa mga komunidad ng AB 617 (sa madaling salita, mga natukoy na lugar na may pasan ng mataas na pinagsama-samang pagkakalantad (high cumulative exposure burden areas)[1]), o mga proyektong tumutugon sa isyu ng hustisyang pangkapaligiran. Tingnan ang Apendise B para sa mapa ng mga komunidad ng AB 617 sa rehiyon ng Bay Area. **Mangyaring basahin ang buong dokumentong ito bago punan ang aplikasyon; hindi tatanggapin ang mga hindi nakompletong aplikasyon. Inilalaan ng Air District ang karapatan na baguhin ang kahingiang ito sa tanging pagpapasiya nito.**

### Iskedyul

| Mga Tinatayang Petsa | Pagkilos |
|---|---|
| Ika-15 ng Abril, 2019 | Pagpapalabas ng mga Panuntunan ng Programa / Panawagan para sa mga Aplikasyon |
| Ika-22 ng Abril, 2019 | Impormasyonal na Webinar para sa Mga Potensiyal na Aplikante |
| Ika-7 ng Hunyo, 2019 | Takdang petsa ng mga aplikasyon |
| Ika-8 ng Hulyo, 2019 | Pag-abiso sa mga ginawaran |
| Agosto – Setyembre 2019 | Pagplano at pagsasapinal ng mga kasunduan sa paggawad |
| Setyembre 2019 - Disyembre 2020 | Pagsasakatuparan ng gawain |
| Ika-31 ng Disyembre, 2020 | Nakatakda ang mga pinal na ulat |

[1] Ang High Cumulative Exposure Burden Areas ay binuo mula sa Programang CARE ng Air District (http://www.baaqmd.gov/CARE), CalEnviroScreen 3.0 (https://oehha.ca.gov/calenviroscreen) at California Healthy Places Index (https://healthyplacesindex.org/) para sa polusyon at/o pasan ng pagiging bulnerable ng kalusugan, at mga lugar na may mababang inaasahang haba ng buhay.

## Sino ang Maaaring Mag-apply

Ang mga aplikante ay dapat na sertipikado na 501(c)(3) na hindi pangkalakal (nonprofit) o lokal na organisasyong nakabatay sa komunidad, organisasyong nakabatay sa paniniwala o pampublikong paaralan sa loob ng siyam na hurisdiksiyon ng Air District (Alameda, Contra Costa, Marin, Napa, San Francisco, San Mateo, Santa Clara, timog-kanlurang Solano, at timog Sonoma).[2]

## Mga Halaga ng Kaloob

May kabuuang $250,000 ang nakahanda para sa Programang Mga Gawad ni James Cary Smith sa Komunidad. Ang pinakamalaking gawad na ipagkakaloob ay $25,000 kada proyekto.

## Tagal ng Panahon

Lahat ng gawaing pinondohan ng Programang Mga Gawad ni James Cary Smith sa Komunidad ay dapat na makompleto bago sumapit ang ika-31 ng Disyembre, 2020.

## Mga halimbawa ng mga Aktibidad na Karapat-dapat para sa Pagpopondo ng Air District

- Mga di-teknikal na edukasyonal na kampanya ukol sa kalidad ng hangin
- Mga proyekto sa pagtatanim ng puno na pinangungunahan ng paaralan o komunidad
- Mga proyekto sa pagtatanim sa lungsod sa antas ng kapitbahayan
- Pagpapaunlad ng kurikulum ukol sa Kalidad ng Hangin para sa ilang mga paaralan
- Mga pagpoprograma sa aktibong transportasyon sa mga lugar na may mataas na pagpaparumi sa hangin
- Pagsuporta sa mga gawain sa pakikibahagi sa komunidad sa mga lugar na may mataas na pagpaparumi sa hangin
- Edukasyon at pakikipag-ugnayan sa komunidad ukol sa hustisyang pangkapaligran

## Mga Aktibidad na hindi Karapat-dapat para sa Pagpopondo ng Air District

Hindi popondohan ng Programang Mga Gawad ni James Cary Smith sa Komunidad ang:

- Halaga ng paghahanda o pagsumite ng aplikasyon para sa gawad
- Pagsisikap na matamo ang impluwensiya ng isang politiko o pampublikong opisyal (Lobbying)
- Pagbili ng mga pantakip sa mukha upang masala ang hangin
- Mga kampanya para sa donasyon
- Mga aktibidad upang makalikom ng pondo
- Pangangalakal ng mga produkto o teknolohiya upang kumita
- Mga sensor sa kalidad ng hangin

Hindi karapat-dapat ang anumang gawain na isinagawa bago ganap na ipatupad ang isang kasunduan ng gawad sa Air District para sa pagpopondo ng Programang Mga Gawad ni James Cary Smith sa Komunidad.

---

[2] Maaaring matagpuan ang detalyadong impormasyon sa tumpak na mga hangganan ng Air District sa www.sparetheair.org/stay-informed/jurisdiction-information.

## SEKSIYON II – MGA LAYUNIN

Ang mga pinakapangunahing layunin ng Programang Mga Gawad ni James Cary Smith sa Komunidad ay ang pagsuporta at pagtaguyod sa mga solusyong nakabatay sa komunidad na tumutugon sa problemang pagpaparumi sa hangin habang tinutulungang bawasan ang ating epekto sa pandaigdig na klima. Magsisilbi ang mga gawad na ito bilang panghikayat para sa sama-samang pagtutulungan sa pagitan ng Air District at mga organisasyong nakabatay sa komunidad para sa pagpapababa ng problemang pagpaparumi sa hangin. Popondohan ng mga gawad na ito ang mga gawaing hindi panteknikal gaya ng mga edukasyonal na kampanya sa aktibong transportasyon, mga proyekto sa pagtatanim sa lungsod, at mga proyekto sa pakikibahagi ng komunidad para sa hustisyang pangkapaligiran.

## SEKSIYON III – MGA KINAKAILANGAN AT PAMAMARAAN SA APLIKASYON

### Takdang Panahon ng Aplikasyon

Dapat na i-upload sa elektronikong paraan ang mga aplikasyon gamit ang Procurement Portal ng Air District nang hindi lalampas sa *5:00 p.m. sa Ika-7 ng Hunyo, 2019.* **Tanging mga kompletong aplikasyon na tinanggap sa takdang panahon ang susuriin; hindi tatanggapin ang mga hindi kompletong aplikasyon. Mangyaring basahin ang buong dokumentong ito bago punan ang isang aplikasyon.** Inilalaan ng Air District ang karapatan na baguhin ang kahingiang ito sa tanging pagpapasiya nito. Ang mga detalyadong tagubilin tungkol sa proseso ng pagsusumite sa elektronikong paraan ay kasama sa susunod na bahagi ng seksiyon na ito.

### Impormasyonal na Webinar

Magsasagawa ang Air District ng webinar at impormasyonal na sesyon sa Lunes, ika-22 ng Abril, 2019 sa 3:30 p.m. Sa panahong iyon, magkakaroon ng pagkakataon ang mga magiging aplikante upang magtanong tungkol sa kanilang mga panukala. Mangyaring magparehistro sa sumusunod na link upang makadalo: https://attendee.gotowebinar.com/register/5348071134944171532

### Checklist ng Aplikasyon

***Hindi susuriin ang anumang aytem na isinumite maliban sa mga tinukoy sa Checklist na ito.***

Cover Sheet – Hanggang 1 pahina (kailangan)
Dapat lagdaan ang Cover Sheet (Apendise A) ng Mga Gawad ni James Cary Smith sa Komunidad ng Air District ng isang taong may kapangyarihang legal na gawing may bisa ang iyong organisasyon. Maaaring lagdaan ang mga aplikasyon gamit ang naka-type na pangalan.

Pagsasalaysay ng Proyekto – Hanggang 5 pahina (kailangan):
Ang mga pagsasalaysay ng proyekto ay dapat na maikli subalit malaman, at sapat at malinaw na tinatalakay ang lahat ng sumusunod na kinakailangang bahagi.

a) *Buod ng Proyekto* – Magbigay ng malinaw at maikling buod sa kung paano masusuportahan ng iyong proyekto ang mga solusyong nakabatay sa komunidad na tumutugon sa problemang pagpaparumi sa hangin habang binabawasan ang epekto sa pandaigdig na klima. Mangyaring ipaliwanag kung paano mapamumunuan ng komunidad ang iyong proyekto.

b) *Pagpapahayag ng Pangangailangan* – Mangyaring magbigay ng maikling paglalarawan kung bakit kailangan ang pagpopondo na ito. Matatagpuan ba ang proyektong ito sa isang komunidad ng AB 617, o makatutulong ba ang pagpopondo na ito sa mga taong naninirahan sa mga komunidad na ito? Kung hindi, mayroon bang pangangailangan sa hustisyang pangkapaligiran na nauugnay sa polusyon sa hangin sa iyong komunidad na tutugunan ng proyektong ito?

c) *Mga Aktibidad na Sinusuportahan ng Proyektong ito* – Magbigay ng buod ng mga aktibidad na sinusuportahan ng proyektong ito. Kung plano mong gamitin ang pagpopondo upang bumili ng kagamitan o mga insentibo (hal. Mga Bisikleta o mga kaugnay na insentibo sa Mga Ligtas na Ruta papuntang Paaralan), mangyaring ilarawan kung paano ito muling magagamit sa mga taon sa hinaharap. Para sa mga proyekto sa pagtatanim o pagpupunla ng puno, mangyaring ilarawan ang kasalukuyang pagpapanatili ng iyong proyekto at anumang karagdagang pagsuportang iyong natatanggap para sa pagpapanatili ng mga halaman.

d) *Pagsukat ng Tagumpay* – Malinaw na ipahayag ang mga sukatan kung paano susuriin ang tagumpay. Ilarawan ang pamantayan na magpapasya kung natamo ng proyekto ang mga mithiin at layunin nito. Maaaring gamitin ang kombinasyon ng parehong qualitative (ayon sa kalidad) at quantitative (ayon sa bilang) na mga sukatan. Mangyaring ilarawan ang anumang survey o mga dokumento sa pagtatasa na gagamitin mo upang tukuyin kung naging matagumpay ang iyong proyekto sa isang partikular na komunidad.

e) *Epekto sa Komunidad* – Mangyaring ilarawan ang impormasyong demograpiko ng komunidad na paglilingkuran ng proyektong ito at kung paano mahahatid ng proyektong ito ang malawakang epekto sa komunidad. Mangyaring ilarawan ang kabuuang bilang ng mga miyembro ng komunidad na maaapektuhan ng mga gawain ng proyektong ito.

<u>Badyet ng Proyekto – Hanggang 1 pahina</u> (kailangan)
Magbigay ng kabuuang badyet para sa panukalang proyekto kabilang ang mga halaga ng anumang materyales o gamit. Kung ang inyong proyekto ay suportado ng iba pang mga pinagkukunan ng pagpopondo, mangyaring tukuyin ang mga ito at ilista kung ano ang porsiyento ng proyekto na sinusuportahan nitong karagdagang mga pinagkukunan ng pagpopondo.

## Pag-aayos ng Format

Ang mga aplikasyon ay dapat na single-spaced at may minimum na 1-pulgadang margin at font na 12-point. Magsisilbi ang Cover Sheet (Apendise A) ng Programang Mga Gawad ni James Cary Smith sa Komunidad ng Air District bilang cover sheet / pahina ng titulo ng aplikasyon. Ang mga aplikasyon ay dapat na may pangalan ng aplikante at numero ng pahina sa bawat pahina. Dapat na isumite ang mga aplikasyon sa isang natatanging PDF na uri ng file ng Adobe Acrobat; hindi tatanggapin ang pagsusumite ng maramihang file. Dapat i-save ang pangalan ng file ng PDF sa format na ito: **Pangalan_Ng_Iyong_Organisasyon_Proposal.PDF**

## Proseso ng Pagsusumite sa Elektronikong Paraan

Dapat na gumawa ang mga interesadong aplikante ng isang account sa Procurement Portal ng Air District at gamitin ang link na ibinigay sa ibaba upang isumite ang mga kinakailangang aplikasyon. Hindi tatanggapin ang mga aplikasyon na nai-fax, ipinadala sa koreo, ini-email o ipinadala sa courier.

<u>Paggamit sa Procurement Portal ng Air District upang isumite ang inyong aplikasyon:</u>

Hakbang 1: Pumunta sa Procurement Portal sa:
https://baaqmd.bonfirehub.com/portal/?tab=openOpportunities

Hakbang 2: Sa ilalim ng Login tab, gumawa ng isang Bonfire account sa ilalim ng 'New Vendor Registration.' Punan ang lahat ng puwang at piliin ang 'Create account.' Ipadadala ang isang Account Confirmation Email (Kumpirmasyon ng Account sa Email) sa email address na ibinigay ninyo. Sa sandaling matanggap, buksan ang email at sundin ang mga tagubilin para kumpirmahin ang inyong account.

Hakbang 3: Bumalik sa Bonfire account at gumawa ng isang 'Vendor Record.' Kompletuhin ang lahat ng puwang at piliin ang 'Yes' para sa mga email notification, upang makatanggap ng mga paalala ng mga paparating na nakatakdang petsa, o iba pang angkop na impormasyon na may kaugnayan sa programa ng gawad.

Hakbang 4: Sa sandaling magawa ang Bonfire account, magagamit mo ang opsiyon na Programang Mga Gawad ni James Cary Smith sa Komunidad. Mada-download mo dito ang mga tagubilin ng programang gawad, maa-upload ang inyong natapos na aplikasyon, at makikita ang mga FAQ (mga madalas itanong) na bubuuin at ipo-post sa panahon ng bukas na aplikasyon.

Hakbang 5: Habang naka-log in sa Programang Mga Gawad ni James Cary Smith sa Komunidad, piliin ang 'Prepare Submission.' I-upload ang inyong dokumento (ang inyong buong aplikasyon). Sa sandaling maisumite, makatatanggap kayo ng resibo ng pagsusumite at code ng kumpirmasyon.

## Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan

Ang mga aplikante ng gawad ay hinihikayat na talakayin ang kanilang mga aplikasyon sa gawad sa kawani ng Air District bago ang pagsusumite. Ang pangunahing matatawagan para sa Programang Gawad ni James Cary Smith sa Komunidad ay si:

Ana Vasudeo
Espesyalista sa Pakikibahagi ng Komunidad
communitygrants@baaqmd.gov

## SEKSIYON IV – PAMANTAYAN NG PAGSUSURI AT PAGBIBIGAY NG PUNTOS

Susuriin ang mga aplikasyon pagkatapos ng takdang panahon ng pagsusumite, at susuriin ang mga karapat-dapat na proyekto at iraranggo alinsunod sa pamantayan ng pagbibigay ng puntos na inilalarawan sa ibaba.

| **Pamantayan** | **Mga Posibleng Puntos** |
|---|---|
| Natutugunan ang mga layunin ng Programang Mga Gawad | 40 |
| Epekto sa Komunidad | 30 |
| Benepisyo sa mga komunidad ng AB 617/mga komunidad para sa Hustisyang Pangkapaligiran | 15 |
| Paraang pinamumunuan ng komunidad | 15 |
| | |
| **KABUUANG Posibleng Puntos** | **Kabuuan 100** |

1) Natutugunan ang mga layunin ng Programang Mga Gawad [40 puntos]
Malinaw na sumusuporta ang mga gawain ng proyekto sa mga pagsisikap sa edukasyon at pakikibahagi sa kalidad ng hangin pati na rin sa pagtataguyod ng lokal na kapasidad sa problemang pagpaparumi sa hangin.

2) Potensiyal ng Epekto sa Komunidad [30 puntos]
Mas paborableng ituturing ang mga aplikasyon na nagpapakita kung paano magkakaroon ng malawakang epekto sa komunidad sa isang komunidad na may mataas na pagpaparumi sa hangin. Higit pa rito, dapat na ipakita ng mga proyekto kung paano makakaapekto sa hindi bababa sa 50 miyembro ng komunidad ang mga panukalang aktibidad sa saklaw ng gawain nito.

3) Benepisyo sa mga komunidad ng AB 617 o mga komunidad para sa Hustisyang Pangkapaligiran [15 puntos]
Ang mga gawain na gaganapin sa loob o magbibigay ng benepisyo sa isang komunidad ng AB617 o komunidad para sa hustisyang pangkapaligiran ay mas paborableng ituturing.

4) Paraang Pinamumunuan ng Komunidad [15 puntos]
Mas paborableng ituturing ang mga panukalang gawain na binuo bilang bahagi ng paraang pinamumunuan ng komunidad upang tumugon sa polusyon sa hangin (hal., kung ang panukalang proyekto ay mula sa mga rekomendasyong ibinigay sa isang pagpupulong ng komunidad o sa mga pahayag na nalakap mula sa mga miyembro ng komunidad).

## SEKSIYON V – PAGKATAPOS NA MATANGGAP ANG GAWAD

### Proseso ng Pagkakaloob

Iaanunsiyo ang mga pagkakaloob sa Hulyo 18, 2019. Aabisuhan ang mga aplikante sa elektronikong paraan kung paunang maaprubahan ang mga proyekto para sa pagpopondo ng pangkat sa Pakikibahagi ng Komunidad ng Air District. Gayunpaman, ang panghuling pag-apruba para sa pagpopondo ay magaganap lamang kapag nilagdaan na ang isang kasunduan sa gawad ng parehong ginawaran at ng Air District (ibig sabihin, ganap na naisakatuparan). Maghahanda ang kawani ng Air District ng mga kasunduan ng mga gawad na nagtatakda ng mga tuntunin, kundisyon, at mga kinakailangan sa pagsubaybay at pag-uulat ng bawat gawad. **Ang mga ginawaran ay may legal na obligasyong tugunan ang mga partikular na kinakailangan ng kasunduan ng gawad**, kabilang ang pag-aabiso sa Air District ng anumang pagbabago sa pagsasagawa ng proyekto, at pagsumite ng panghuling ulat. **Kung hindi sumunod ang isang ginawaran sa lahat ng mga tuntunin at kundisyon ng isang kasunduan ng gawad o mabigong tapusin ang mga dapat na ibigay (deliverable) ng proyekto, maaaring magbayad ang ginawaran ng bahagi o lahat ng iginawad na pagpopondo, at maaaring hindi na maging karapat-dapat na sumali ang ginawaran sa mga programang gawad ng Air District sa hinaharap.** Kung ipinagkaloob ng Air District ang isang halaga na iba mula sa halagang hiniling, makikipagtulungan ang kawani ng Air District sa ginawaran upang angkop na iayon ang mga dapat ibigay, resulta at mga timeline. Sa pagpapatupad ng kasunduan ng gawad, makakapagsimula na ang ginawaran sa gawain sa mga pinondohang aktibidad nito.

### Pagbabayad ng Mga Pagpopondong Gawad

Gagawin ang iskedyul ng pagbabayad sa kasunduan ng gawad para sa bawat proyekto. Walang pagpopondo na ilalabas hanggang ganap na maisakatuparan ang kasunduan ng gawad ng ginawaran at ng Air District. Sa pangkalahatan, magkakaloob ng paunang kabayaran ng $7,000 sa gagawaran sa loob ng tatlumpung araw matapos ang pagpapatupad ng kasunduan ng gawad, at susundan ng mga hulugang pagbayad matapos makompleto ang mga gawain at pagkatapos matanggap ng Air District ang mga ulat ng ginawaran kada tatlong buwan. Kakailanganin ang sapat na pagkumpleto ng lahat ng dapat ibigay at pagsusumite ng mga kompletong ulat kada tatlong buwan at panghuling ulat. Dapat isumite ang katunayan ng mga paggastos ng pondo at mga kopya ng anumang resibo bilang bahagi ng panghuling ulat.

### Pag-uulat

Kailangang magsumite ang mga ginawaran ng ulat kada tatlong buwan tungkol sa progreso, at isang panghuling ulat ng mga gawain ng gawad matapos makompleto ang proyekto. Higit pang ilalarawan ang iskedyul ng pag-uulat sa kasunduan ng gawad. Dapat makompleto ang lahat ng mga proyekto, at dapat maisumite ang lahat ng mga invoice, nang hindi lalampas sa ika-31 ng Disyembre, 2020. Dapat isama sa mga ulat ang mga resibo para sa anumang gastusin at isang maikling pagsasalaysay ng mga dapat ibigay para sa panahon ng pag-uulat. Dapat ding isama ang mga larawan (kung naaangkop) sa mga ulat. Kung magkaroon ng anumang pagbabago sa orihinal na napagkasunduang saklaw ng gawain, dapat makipag-ugnayan ang mga ginawaran sa Air District upang baguhin ang Plano ng Gawain ng Kasunduan sa Gawad. Ginagamit ang mga panghuling ulat upang pag-aralan ang epekto ng pamumuhunan ng Air District at makatulong sa paghubog ng mga programang gawad sa hinaharap. Gagamitin ang lahat ng ulat upang magbahagi ng impormasyon at itaguyod ang mga tagumpay sa mga ginawaran at sa mas malaking komunidad ng Bay Area.

Ibibigay ang mga format at kinakailangan sa ulat sa mga ginawaran kasama ng mga materyales na ipinagkaloob sa kanila.

## Mga Pagpupulong/Pagkakaloob

Titipunin ng Air District sa isang pulong ang lahat ng ginawaran sa Tag-init ng 2019 upang ibahagi ang impormasyon tungkol sa proyekto, itaguyod ang mga pakikipagtulungan at mahahalagang kolaborasyon sa pagitan ng Air District at mga organisasyong nakabatay sa komunidad. Lubos na hinihikayat ang pagdalo sa panimulang pulong na ito, ngunit hindi ito sapilitan.

# APENDISE A

## Cover Sheet ng Programang Mga Gawad ni James Cary Smith sa Komunidad

### I. Aplikante

Pangalan ng Organisasyon ______________________________

Uri: ☐ Non-profit 501 (c) (3) ☐ Nakabatay sa Paniniwala ☐ Paaralan ☐ Iba pa

Address ng Organisasyon: ______________________________

Lungsod: ______________________ Zip Code: ______________________

Website: ______________________ County: ______________________

Pangunahing Indibidwal para sa Pakikipag-ugnayan: ______________________

Titulo: ______________________

# ng Telepono: ______________ E-mail: ______________________

Piskal na Isponsor (kung naaangkop)*: ______________________

Address sa Koreo:______________________________

Pangunahing Indibidwal para sa Pakikipag-ugnayan: ______________________

Titulo: ______________________

# ng Telepono: ______________ E-mail: ______________________

* Ang piskal na isponsor ay isang non-profit o pampublikong ahensiya na nagpapahintulot na mapatakbo ang isang organisasyong walang kalagayan sa eksepsiyon sa buwis sa ilalim ng pagsuporta nito. Kung mayroon kang piskal na isponsor, mangyaring kompletuhin ang kahong ito AT ilakip ang liham sa eksepsiyon sa buwis ng IRS ng iyong piskal na isponsor.

Sinusuportahan ba ng iyong proyekto ang isang Komunidad ng AB617 o isang Komunidad para sa Hustisyang Pangkapaligiran? ☐ Hindi ☐Oo, pakitukoy kung aling komunidad: ______________________
______________________________

### II. Proyekto

Pamagat ng Proyekto: ______________________________

Kabuuang Halaga ng Proyekto: $ ____________Kabuuang Hiniling na Pagpopondo: $______________

***Taong awtorisadong pumasok sa isang pormal na kasunduan sa Air District:***

Ako, si ____________________, ay nagpapahintulot na isumite ang aplikasyon ng gawad na ito at pinatutunayan na ang lahat ng impormasyon ay tama at tumpak na sumasalamin sa saklaw, mga halaga, timeline, at pagiging handa ng pagpopondo ng proyekto.

Lagda: ______________________ Titulo: ______________________

## APENDISE B

## AB 617 High Cumulative Exposure Burden Areas ng Rehiyon ng Bay Area

